7'4
11-9-11

Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
BAYAN NG SANTA CRUZ

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN, *GUSALING ESCOLAPIA* NOONG OKTUBRE 17, 2011, ARAW NG LUNES, SA GANAP NA IKA-9:35 NG UMAGA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang LOUIE C. DE LEON | ... | PANG. PUNONG BAYAN<br>Tagapangulo |
| Kagalang-galang Florencio C. Odejar | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Rizaldy N. Kalaw | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Laarni A. Malibiran | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Laura P. Obligacion | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Jun M. Asinas | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Rolando Moises E. Acapulco | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Serafin C. San Juan, Jr. | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Ronald P. Obligacion | ... | Kagawad – Pangulo /Liga ng mga Barangay |
| Kagalang-galang Jose Mauro D. Gabinete | ... | Kagawad – Pangulo / Sang. Kabataan |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang Ramon D. Tan | ... | Kagawad |

**KAPASIYAHAN BLG. 247-T2011**

**KAPASIYAHANG INILILIPAT ANG NATIRANG PONDONG NAGKAKAHALAGA NG P30,000.00 NA INILAAN PARA SA PAGBILI NG I.T. EQUIPMENT AND SOFTWARE – LAPTOP COMPUTER UPANG MAGAMIT SA PAGBILI NG ISANG YUNIT NG AIR CONDITION NA PAREHONG NASA CAPITAL OUTLAY NG TANGGAPAN NG PAMBAYANG TAGAPAGBALANGKAS AT TAGAPAG-UGNAY SA KAUNLARAN.**

**SAPAGKA'T**, tinalakay ang kahilingan ng Pambayang Tagapagbalangkas at Tagapag-ugnay sa Kaunlaran na iniliwat ng Kagalang-galang Punong Bayan sa sangguniang ito na naglalayong maglipat ng natirang pondo ng tanggapan, ayon sa isinasaad sa itaas nito;

**SAPAGKA'T,** ito ay napaliwat sa Lupon sa Pananalapi para sa pag-aaral at pagsusuri;

**SAPAGKA'T,** matapos ang pagsusuri at malaman ang layunin ng paglilipat ng pondo para sa pagtugon sa pangangailangan ng naturang tanggapan ay ipinasya ng Tagapamuno ng lupon na irekomenda ang pagpapatibay nito.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,** sa mungkahi ng Kagalang-galang Kagawad Laura P. Obligacion (Tagapamuno ng Lupon sa Pananalapi), na pinangalawahan ng mga Kagalang-galang Kagawad Laarni A, Malibiran, Serafin C. San Juan, Jr. at Florencio C. Odejar at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHANG**: Pagtibayin ang sumusunod na:

**KAUTUSAN SA PAGLALAAN BLG. 23-T2011**

**IPINAG-UUTOS** ng Kagalang-galang Sangguniang Bayan ng Santa Cruz, Laguna na:

**SEKSYON 1** – Ilipat at ilaan ang halagang P30,000.00 na natira sa pagbili ng I.T. Equipment and Software – Laptop Computer upang magamit sa pagbili ng isang yunit ng air condition na parehong nasa Capital Outlay ng Tanggapan ng Pambayang Tagapagbalangkas at Tagapag-ugnay sa Kaunlaran.

**SEKSYON 2** – Ang kautusang ito ay magkakabisa matapos na mapagtiubay.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahan/ kautusang ito ang Kagalang-galang Sangguniang Panlalawigan, Kagalang-galang Punong Bayan, Pambayang Ingat-yaman, Pambayang Tagatuos, Pambayang Pinuno sa Badyet at Pambayang Pinunong Tagapagbalangkas at Tagapag-ugnay sa Kaunlaran.

**PINAGTITIBAY. Oktubre 17, 2011.**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

Jeanette P. Alfonso
**JEANETTE P. ALFONSO**
Kalihim

| | |
|---|---|
| **KGG. FLORENCIO C. ODEJAR**<br>Kagawad | **KGG. RIZALDY N. KALAW**<br>Kagawad |
| **KGG. LAARNI A. MALIBIRAN**<br>Kagawad | **KGG. LAURA P. OBLIGACION**<br>Kagawad |
| **KGG. JUN M. ASINAS**<br>Kagawad | **KGG. ROLANDO MOISES E. ACAPULCO**<br>Kagawad |
| **KGG. SERAFIN C. SAN JUAN, JR.**<br>Kagawad | **KGG. RONALD P. OBLIGACION**<br>Kagawad |
| **KGG. JOSE MAURO D. GABINETE**<br>Kagawad | |

NAGPATOTOO:

**KGG. LOUIE C. DE LEON**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

**KGG. INHR. DOMINGO G. PANGANIBAN**
Punong Bayan